1. Pagsasama sa isang anak na may disabilidad na debelopmental bilang pangunahin o pamalit na benepisyaryo sa mga polisa sa seguro sa buhay;

2. Paglalagay ng conservator ng pag-aari, sa halip ng isang trustee, upang pamahalaan ang anumang pag-aaring naiwan ng mga magulang sa isang anak na may disabilidad na debelopmental;

3. Paghirang ng isang conservator ng pag-aari para sa isang taong may disabilidad na debelopmental kapag ang ang tanging pag-aari ng conservatee ay pampublikong tulong.

Ang Trustee Ba ay Maaaring Magpahintulot ng Medikal na Paggamot sa Ngalan ng Benepisyaryo at Pamahalaan ang Ibang Bagay na Hindi Ukol sa Pananalapi?

Hindi. Ang awtoridad ng trustee ay limitado sa pamamahala ng pananalapi. Ang conservator ng tao ay dapat hirangin pagkamatay ng natitirang magulang kung kailangan ang personal na pangangasiwa.

Puwede bang ang Trustee at Conservator ng tao ay Iisang Indibidwal?

Mas mabuting hindi. Ang paghihiwalay ng pamamahala ng pananalapi mula sa personal na kontrol ay lumilikha ng isang sistemang pagsusuri at pagbalanse. Ang conservator ay responsable sa personal na pagbisita sa conservatee. Kung may hindi natutugunang mga pangangailangan, dapat ipaalam ng conservator sa trustee, na responsable sa paglalaan ng pondo alinsunod sa mga probisyon ng nakasulat na kasunduan ng trust. Anumang kabiguan ng trustee na wastong gumanap ay

wastong magkaloob ng kanyang mga personal na pangangailangan para sa kalusugan ng katawan, pagkain, damit o tirahan?

3. Ang doktor ng pamilya ay maaari bang patuloy na tumanggap ng pahintulot ng magulang para sa medikal na paggamot para sa isang anak na naantala ang kaisipan o may disabilidad na debelopmental, kahit na ang anak ay nasa gulang?

4. Ang panrehiyong sentro ba na nagsisilbi sa mga taong may disabilidad na debelopmental ay nagrerekomenda ng conservatorship?

Paano itinatatag ang Conservatorship?

Ang pamamaraan ng conservatorship ay nagsisimula sa pamamagitan ng paghaharap ng petisyon sa angkop na hukuman, karaniwang ang Hukumang Superyor ng county kung saan nakatira ang iminumungkahing conservatee. Ang mga paunawa ng pagdinig at isang kopya ng petisyon ay dapat ipakoreo sa mga partikular na tao at ahensiya nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang pagdinig at isang dokumento, kilala bilang citation, ang dapat personal na iharap sa iminumungkahing conservatee.

Ang iminumungkahing conservatee ay dapat dumalo sa pagdinig maliban kung siya ay (1) nasa labas ng estado nang hatiran, (2) sertipikado bilang **medikal** na walang kakayahang gawin ito, o (3) hindi gustong dumalo at hindi salungat sa petisyon. Dumalo man o hindi ang iminumungkahing conservatee sa pagdinig, dapat kapanayamin ng imbestigador ng hukuman ang iminumungkahing conservatee at, bukod sa iba pang bagay, ipagbigay-alam sa kanya ang dahilan ng mga pagdinig at pagpasiyahan kung ang indibidwal ay

makakadalo sa pagdinig, gustong labanan ang conservatorship, tumututol sa iminumungkahing conservator, o gustong katawanin ng isang tagapayong pambatas. Ang iniaatas na imbestigasyong ito at ulat ay hindi umaaplay kung ang iminumungkahing conservatee ay dadalo sa pagdinig at siyang taong nagsagawa ng petisyon para sa conservatorship o naghirang ng kanyang sariling conservator.

Ang batas ay hindi nag-aatas na ang taong naghahangad ng conservatorship ay katawanin ng isang abugado. Gayunman, dahil sa hindi madaling maunawaan ang mga pamamaraan at tuntunin ng hukuman, gayon din ang mga pagbabago kamakailan sa batas, ang mga partido ay maaaring humiling na magpanatili ng tagapayo sa mga bagay na ito.

Sa sandaling maitatag, ang isang probate conservatorship ay hindi kailangang muling bigyang-bisa hanggang sa kamatayan ng conservatee o hanggang tapusin sa pamamagitan ng utos ng hukuman. Ang kamatayan ng isang limited conservator ay nagtatapos sa relasyon ng limited conservator/limited conservatee. Upang punuan ang bakante, ang petisyon sa pakikipagtipan ng isang kapalit na limited conservator ay dapat iharap.

Sa loob ng 90 araw pagkaraan ng pakikipagtipan, lahat ng conservator ay dapat magharap sa hukuman at sa imbestigador ng hukuman ng isang pangkalahatang plano na nag-iisa-isa kung paano ang mga pangangailangang personal at pananalapi ng conservatee ay matutugunan. Ang paunawa sa pagharap ng plano ay dapat ibigay sa mga tumanggap ng paunawa ng orihinal na petisyon. Ang hukuman ay makakapamiling mag-iskedyul ng pagdinig kung ipinasiya nito na ang plano ay hindi makakabuti sa conservatee o kung ito ay

Sino ang Dapat Magsilbing Trustee ng Special Needs Trust?

Ang isang pribadong tao o bangko ay maaaring umakto bilang isang trustee. Sa mga partikular na pangyayari, ang isang di-nagtutubong organisasyon ay maaaring umakto bilang trustee.

Sa dahilang ang corporate trustee, tulad ng bangko, ay sumisingil ng taunang komisyon batay sa persentahe ng mga pag-aari sa trust, pangkaraniwang mas matipid na isang miyembro ng pamilya o malapit na kaibigan ang magsilbing trustee. Gayunman, dapat tandaan na ang isang indibidwal ay maaaring karapat-dapat sa isang upa sa pagsisilbi sa ganitong kapasidad. Ang isang indibidwal na trustee ay maaari ring mas kasangkot sa pang-araw-araw na aktibidad ng benepisyaryo.

Sa kabilang banda, ang mga bangko at ibang corporate trustees ay pangkaraniwang nag-aalok ng mas malaking karanasan sa pamamahala ng mga pondo at paghahanda ng mga kuwenta at ulat sa buwis.

Ang ikatlong alternatibo ay ang magkaroon pareho ng isang indibidwal at isang bangko na umaaktong magkasama bilang mga trustee. Ang tagumpay ng co-trusteeship ay dependeng malaki sa kagustuhan ng bangko na umakto sa kapasidad na ito at sa paghahati-hati ng responsabilidad ng mga co-trustees.

Ano ang Pinakakaraniwang Pagkakamali sa Pagpaplanong Pinansiyal para sa Isang Taong May Disabilidad na Debelopmental?

Kung ang iyong anak ay tatanggap ng pera mula sa isang kaso sa hukuman, sabihin sa iyong abugado ang tungkol sa pagtatatag ng iniutos ng hukuman na Special Needs Trust upang tumanggap at pamahalaan ang mga pondong ito.

Kailan Dapat Itatag ang Special Needs Trust – Sa Panahong Buhay ang mga Magulang o Pagkamatay Nila?

Pangkaraniwang mas mabuting maghintay hanggang sa mamatay ang parehong magulang bago bigyang-bisa ang special needs trust. Kung may buhay na magulang, ang trust ay hindi kailangan dahil ang mga pondo upang suplementuhan ang mga pampublikong tulong ay maaaring ipagkaloob ng magulang. Ang pagsasama ng trust sa mga testamento ng parehong magulang, upang magkaroon ng bisa lamang pagkamatay ng survivor, ang karaniwang ginagawa.

Sa mga partikular na pangyayari, ang pagtatatag ng trust sa panahong buhay ang mga magulang ay maaaring kailangan. Halimbawa, kung ang lolo o lola ay mag-iwan ng pera sa batang may disabilidad na debelopmental, maaaring kailanganin ang trust. Ang conservator ng pag-aari ay kakailanganing hirangin, na maglilipat naman ng mga nasabing pag-aari sa isang trustee na hahawakan alinsunod sa isang nakasulat na kasunduan sa trust.

Madalas, ang mga magulang ay pinapayuhang magtatag ng isang living trust (isang trust na nilikha habang nabubuhay) para sa kanila upang maiwasan ang probate at mabawasan ang gastos. Ang special needs trust ay madaling isama sa planong ito at pangkaraniwang nagkakabisa pagkamatay ng alinman sa mag-asawa.

tumanggap ng mga pagtutol sa plano sa loob ng 30 araw pagkaraan ng pagpapakoreo ng paunawa ng pagharap.

Kung kasama sa conservatorship ang pamamahala ng pag-aari, isang pagkuwenta ang dapat iharap sa hukuman sa katapusan ng unang taon pagkaraan ng paghirang at tuwing dalawang taon pagkaraan. Iniaatas man o hindi ang pagkuwenta, dapat kapanayamin ng imbestigador ng hukuman ang conservatee muli o sa panahong malapit sa anibersaryo ng pagtatatag ng conservatorship at tuwing ikalawang taon pagkaraan. Ang layunin ng panayam ay upang pagpasiyahan kung ang conservatorship ay patuloy na kailangan at kung ang conservator ay kumikilos para sa kapakanan ng conservatee. Ang ulat ng imbestigaor ay ipinadadala sa hukuman na may kopya ng conservator o kanyang abugado. Ang imbestigador ay maaaring bumisita sa mga taong iba sa kanyang conservatee upang pagpasiyahan kung ang conservator ay kumikilos sa kapakanan ng conservatee. Ang mga conservatee ay sinisingil ng gastos sa county ng unang imbestigasyon at lahat ng kasunod na pana-panahong imbestigasyon. Gayunman, kung ang conservatee ay walang sapat na pondo upang bayaran ang gastos, o kung ito ay magbibigay ng paghihirap, tatalikdan na ng hukuman ang singil na ito.

Sino ang Maaaring Umaktong Conservator?

Sinumang indibidwal na nasa gulang ay maaaring maging conservator kung ang hukuman ay kumbinsido na ang tao ay kikilos sa kapakanan ng conservatee. Kung may kompetisyon para sa posisyon at ang mga aplikante ay kuwalipikadong lahat, ang batas ay pinipili ang mga sumusunod na tao sa hanay na nakalista: hinirang ng iminumungkahing conservatee, asawa ng

iminumungkahing conservatee, nasa gulang na anak ng iminumungkahing conservatee, magulang ng iminumungkahing conservatee, kapatid ng iminumungkahing conservatee. Ang mga pribadong propesyonal na conservator ay maaaring gumanap ng ganitong tungkulin, kailangan lamang na naghaharap sila ng pahayag ng pinagdaanan taun-taon tungkol sa (mga) taong gumaganap ng mga serbisyong conservatorship.

Ang di-nagtutubong korporasyon ay maaaring magsilbing conservator ng tao o pag-aari, **o pareho**, kung ang mga artikulo ng inkorporasyon ay nag-awtorisa sa organisasyon na tanggapin ang mga nasabing paghirang at ang korporasyon ay nagbibigay na ng pangangalaga, pagpapayo o tulong na pananalapi sa iminumungkahing conservatee sa ilalim ng pamamahala ng isang lisensiyadong manggagawang panlipunan.

Dalawa o mahigit na tao ang maaaring magsilbi bilang joint conservators. Dahil ang mayoriya ng mga conservator ay dapat magsama sa anumang aksiyon, madalas na nakakasagabal na magkaroon ng dalawang conservator. Ang mga kabutihan ng pagkakaroon ng higit sa isang conservator ay, kung isa ang mamatay, ang iba ay maaaring magpatuloy na kumilos nang hindi na kailangan ang paghaharap ng panibagong petisyon para sa paghirang ng isang bagong conservator.

Kailan Ko Dapat Isaalang-alang ang Conservatorship?

Ang mga magulang ay maaaring humingi ng payo sa isang abugado tungkol sa conservatorship sa dalawang okasyon: (1) kapag ang isang bata na naantala ang kaisipan o may disabilidad na debelopmental ay umabot (o malapit na sa) 18 taong gulang, at (2) kapag ang mga magulang ay nagsusulat ng kanilang mga testamento.

gawaing ito ay hindi na ipinahihintulot bunga ng mga pagbabago sa tuntunin ng SSI sa Foster Care Independence Act of 1999 (H.R. 3443).

Ngayon, ang mga tuntunin pareho ng Medi-Cal at SSI ay nakapokus kung ang benepisyaryo ay nagtatag ng trust (tinatawag na “self-settled” o “first party” trusts), Kung ang benepisyaryo ang nagtatag ng trust, ang mga pag-aari ng trust ay itinuturing na mapagkakakitaan ng benepisyaryo. Kung ang kabuuang mapagkakakitaan ay lumampas sa $2,000, ang benepisyaryo ay mawawalan ng karapatan sa Medi-Cal.

Kung ang trust ay hindi itinatag ng benepisyaryo o isang taong umaakto sa ngalan ng benepisyaryo (tulad ng isang trust na itinatag ng isang magulang para sa isang anak), kung mga pag-aari ng trust ay makukuha ng benepisyaryo ay depende sa kung mapapawalang-bisa ng benepisyaryo ang trust o makokontrol ang pamamahagi mula sa trust. Kung gayon, ang mga pag-aari ng trust ay mapagkakakitaan.

May isang uri ng self-settled trust **na hindi** inaalisan ng karapatan ang benepisyaryo sa SSI at Medi-Cal: isang trust na iniutos ng hukuman para sa taong may disabilidad na wala pang 65 taon nang ang trust ay itinatag kung babayaran ang estado sa pagtatapos ng trust para sa mga benepisyo ng Medi-Cal habang trust ay umiiral.

Ang mga trust na iniutos ng hukuman ay pangkaraniwang mga trust na itinatag para sa mga taong may disabilidad na tumanggap na bayad sa pinsala sa katawan. Ang batas ng California ay nagpapahintulot na ang mga nasabing nalikom ay ilagay sa Special Needs Trust para sa isang naghahabla na may disabilidad kung may partikular na pamantayan na natugunan.

Paano Nagpoprotekta ang Magulang Laban sa Posibleng Pagbabago sa Hinaharap ng Batas Tungkol sa Karapatan sa SSI?

Ang isang probisyong pangkaligtasan ay karaniwang dapat idagdag na nagtatagubilin sa trustee na ilipat ang lahat ng pag-aari sa isang precatory trustee kung ang pagkakaroon ng legal trust ay naging sanhi upang ang benepisyaryo ay mawalan ng karapatan sa SSI o ibang pampublikong benepisyo.

Gayon din, ang isang testamento ay maaaring susugan anumang oras bago ang kamatayan ng testator. Kung ang mga pagbabago sa batas ay maganap sa panahong ito, ang kailangang pagbabago sa trust ay maaaring gawin.

Ang mga Tuntunin Ba sa Karapatan sa SSI ay Katulad sa Medi-Cal?

Mula noong Enero 1, 2000, ang mga tutuntin sa trust ng SSI ay may malaking pagkakatulad sa mga tuntunin sa trust ng Medi-Cal.

Bago ang 2000, ang malaking pagkakaiba sa dalawang programang kaugnay ng mga tuntunin sa paglipat ng pag-aari. Tungkol sa mga trust na itinatag bago ang Enero 1, 2000, ang tumatanggap ng SSI (pero hindi ang tumatanggap ng Medi-Cal) ay maaaring magtatag ng isang trust sa pamamagitan ng sariling pag-aari ng tumatanggap at hindi mawawalan ng SSI. Ang

[2] Tingnan ang Inland Counties Master Trust – impormasyong makukuha mula sa Inland Counties Regional Center, P.O. Box 6127, San Bernardino, CA 92412.

Ang pagpaplano ng conservatorship bilang isang anak na umabot sa edad na 18 ay mahalaga sa mga dahilang tinalakay na. Kapag gumagawa ng mga testamento, dapat isaalang-alang ang conservatorship kung sakaling ang taong may disabilidad ay mangailangan ng pamamahala pagkaraang mamatay ang mga magulang. Kung gayon, ang testamento ay gagamitin upang maghirang ng isang conservator na hihirangin sa pagkamatay ng parehong magulang. Bagaman ang paghirang ay walang bisa ayon sa batas, ang mga hukuman ay gagawa ng pagsisikap na tanggapin ito maliban kung kumbinsido na ang conservatorship ay hindi kailangan o ang taong hinirang ay hindi kikilos sa kapakanan ng iminumungkahing conservatee.

Saan Ako Hahanap ng Abugadong Maalam sa Larangang Ito?

Kontakin ang inyong lokal na Association for Retarded Citizens (ARC). Karamihan sa mga asosasyon ay pamilyar sa mga abugado sa kanilang lugar na nagkaroon na ng karanasan sa pagpapayo ng mga magulang na may may mga anak na naantala ang kaisipan o may disabilidad na debelopmental. Kung hindi ka pa rin magtagumpay, maraming asosasyon ng abugado sa munisipalidad at county na may lupon sa pagrerekomenda ng abugado.

MALALAKING PAGBABAGO SA CONSERVATORSHIP NA BUNGA NG MGA SUSOG NG 1979 AT 1980 SA KODIGO NG PROBATE

A. LIMITED CONSERVATORSHIP

Anong mga Kapangyarihan ang Limitado?

Tulad ng general conservator, ang limited conservator ay may pangangalaga, pag-iingat at kontrol ng limited conservatee maliban sa, **kung hindi ispesipikong hiniling** sa petisyon at iginawad ng utos ng hukuman, ang limited conservator ay **wala ng anumang** mga sumusunod na kapangyarihan o kontrol:

1. Upang pagpasiyahan ang lugar na titirahan ng limited conservatee;
2. Upang makita ang mga kumpidensiyal na rekord ng limited conservatee;
3. Upang kontrolin ang karapatang mag-asawa ng limited conservatee;
4. Upang kontrolin ang karapatang makipagkontrata ng limited conservatee;
5. Upang magbigay ng pahintulot sa medikal na paggamot ng limited conservatee;
6. Upang kontrolin ang mga pakikipag-ugnayang panlipunan at seksuwal at mga relasyon ng limited conservatee;
7. Upang gumawa ng mga desisyon tungkol sa edukasyon ng limited conservatee.

Gayunman, ang bawa't limited conservator ay inaatasang kumuha para sa limited conservatee ng nasabing habilitasyon o paggamot, pagsasanay, edukasyon, mga serbisyong medikal at pangkaisipan, at pagkakataong panlipunan at pantrabaho kung naaangkop

Ano ang Precatory Trust at Kailan Ito Dapat Gamitin?

Ang precatory trust ay hindi talaga isang trust. Ito ay isa lamang regalo sa ibang tao na may kasamang pahayag ng intensiyon kung paano gustong hawakan ang mga pag-aari. Halimbawa, kung ang mga magulang ay nag-aalala na ang batas tungkol sa pagiging karapat-dapat sa SSI ay maaaring magbago at gawin ang mga pondo sa discretionary trust na isang maibibilang na kita, maaari nilang ibigay ang pera na sana ay ilalagay nila sa trust sa isang kapatid ng anak na may disabilidad na debelopmental. Kasama sa testamento ang isang kahilingan na ang nasabing tao ang mag-iingat at mangangalaga ng mga pondong ito para sa kapakinabangan ng anak na may kapansanan.

Bagaman ang precatory trust ay tumutupad sa hangarin ng pagiging karapat-dapat sa SSI, ang kahilingan ay maipatutupad ayon sa batas. Gayon din, ang tagaingat ng mga pondo ay napapailalim sa buwis sa anumang kitang nilikha ng mga pag-aari, at ang mga pinagkakautangan ng tagaingat ay maaaring sumingil mula sa mga pondong ito. Pangwakas, kung ang may hawak ay mamatay bago ang precatory beneficiary, ang mga pondo ay pupunta sa mga tagapagmana ng may hawak alinsunod sa kanyang testamento. Sa mga dahilang ito, ang mga precatory trust ay hindi madalas na ginagamit.

batay sa patakarang pampubliko kung hamunin ng isang pampublikong entidad.

2. Mga Probisyong Nagwiwilig – Ang isa pang pagbabago sa standard discretionary trust ay ang isama ang maraming benepisyaryo at mag-awtorisa sa trustee na “iwilig (sprinkle)” ng mga pondo sa maraming benepisyaryo. Kung ang isang pinagkakautangan ng benepisyaryo na may disabilidad na debelopmental ay nagtatangkang salakayin ang trust, ang pinagkakautangan ay dapat humarap sa mga interes ng ibang mga benepisyaryo na walang utang sa pinagkakautangan.

3. Mapagkawanggawang Remaindermen – Ang pagtagubilin na ang kawanggawang naglilingkod sa mga tanga may disabilidad na debelopmental ay tumanggap ng natitira sa trust pagkamatay ng benepisyaryo ay malamang na makapagtaboy ng paghamong legal, dahil patakaran ng pamahalaan na tulungan ang mga kawanggawa at humimok ng pagbibigay sa kawanggawa.

4. Walang Sobrang Pagpopondo – Ang pagpopondo ng special needs trusts ng mas maraming pag-aari kaysa kailangan upang suplementuhan ang mga pampublikong benepisyo habang buhay ang benepisyaryo ay malamang na humimok ng mga pagtatangka ng pinagkakautangan na salakayin ang trust. Ang angkop na mga halaga ay hindi mailalagay sa brochure na ito dahil sa nakadepende ang mga ito sa mga pangyayari sa bawat kaso ng indibidwal. Dahil sa mahirap unawain ang lugar na ito ng pagpaplano ng pag-aari, ang maaalam na payong pambatas ay napakahalaga.

at kung makatutulong sa limited conservatee sa pagbuo ng pinakamataas na pag-asa sa sarili at kalayaan.

Anumang oras na ang petisyon sa conservatorship ay nagsabi na ang iminumungkahing conservatee ay kulang sa kakayahang magbigay ng maalam na pahintulot sa medikal na paggamot at hiniling sa hukuman na bigyan ang iminumungkahing conservator ng tanging kapangyarihan sa bagay na iyan, ang petisyon ay dapat na may kasamang deklarasayon ng doktor na medikal na naglalahad na ang iminumungkahing conservatee ay walang kakayahang magbigay ng maalam na pahintulot sa anumang anyo ng medikal na paggamot. Bilang karagdagan, ang limited conservator ng estado ay may awtoridad na pamahalaan ang mga pag-aari lamang ng limited conservatee na nakalista sa hanay ng paghirang.

Ano ang Ginagampanan ng Panrehiyong Sentro sa Limited Conservatorships?

Sa bawa’t conservatorship na may kinalaman sa isang tao na may disabilidad na debelopmental (napapailalim sa pahintulot ng iminumungkahing limited conservatee) ang angkop na panrehiyong sentro ay dapat gumawa ng pagtasa ng iminumungkahing conservatee at isumite ang ulat sa hukuman. Ang ulat ay dapat tumukoy sa uri at antas ng disabilidad ng iminumungkahing conservatee at ang mga lugar na maaaring mangailangan ng tulong ang iminumungkahing conservatee. Ang mga gastos sa mga pagtasang ito ay sasagutin ng panrehiyong sentro. Hindi kukulangin sa limang araw bago ang pagdinig, isang kopya ng ulat ng panrehiyong sentro ay dapat ipadala sa

iminumungkahing conservatee at sa tagapetisyon at/o sa sinumang abugadong kumakatawan sa mga partido.

Ang Isang General Conservator ba, sa Halip na Isang Limited Conservator, ay Maaaring Hirangin Para sa isang tao na May Disabilidad na Debelopmental?

Oo. Ang hukuman ay may pagpapasiya upang magtatag ng isang general conservatorship para sa isang nasa gulang na may disabilidad na debelopmental na walang kakayahang gampanan ang "lahat ng gawaing kailangan upang wastong magkaloob ng kanyang mga personal na pangangailangan para sa kalusugan ng katawan, pagkain, damit, o tirahan, o upang pamahalaan ang kanyang pananalapi." Kung pinagpasiyahan ng hukuman na ang iminumungkahing conservatee ay walang kakayahang gampanan ang ilan, **pero hindi lahat**, ng gawaing kailangan upang angkop na magkaloob ng kanyang sariling mga pangangailangan para sa kalusugan ng katawan, pagkain, damit, o tirahan, o upang pamahalaan ang kanyang sariling pananalapi, ang hukuman ay walang pagpapasiya na magtatag ng isang general conservatorship – isang limited conservatorship ang dapat itatag.

Ang Umiiral bang Conservatorships para mga Taong May mga Disabilidad na Debelopmental ay Naging Limited Conservatorships Pagkaraan ng Enero 1, 1981?

Hindi. Ang general conservatorships na may kinalaman sa mga taong may mga disabilidad na debelopmental ay hindi awtomatikong naging limited conservatorships pagkaraan ng Enero 1, 1981. Marami sa mga kabutihan ng limited conservatorship, kabilang

Para sa mga taong tumatanggap ng SSI, ang susog ay walang halaga dahil ang mga nasabing tao ay awtomatikong karapat-dapat sa Medi-Cal. Ang mga indibidwal na nakatira sa alinmang pinatatakbo ng estado o ng county na sentrong debelopmental na hindi pinopondohan ng Medicaid, mga pasilidad ng sanay na pag-aalaga, o panggitnang mga pasilidad sa pag-aalaga ay hindi maaaring tumanggap ng anumang SSI. Upang ang kanilang mga trust ay maprotektahan, ang mga indibidwal na ito ay dapat magtatag ng karapatan sa Medi-Cal nang hindi iuugnay ito sa pagtanggap ng anumang halaga ng SSI, sa halip ay sa pamamagitan ng pagtugon sa mas mahigpit na mga tuntunin sa trust ng Medi-Cal. Ang mga halimbawa ng mga kagamitang maaaring tumulong sa pagkakamit ng mga layuning ito ay:

1. Mga Probisyon sa mga Espesyal na Pangangailangan – Bilang karagdagan sa isang wastong isinulat na probisyong pamamahaging ayon sa pagpapasiya, labis na makakatulong na ipagbigay-alam sa trustee na ang layunin ng trust ay upang suplementuhan, hindi palitan, ang mga benepisyong tulong na pampubliko sa benepisyaryo.

Ang "mga espesyal na pangangailangan" ay binibigyang-kahulugan sa instrumentong trust bilang mga pangangailangan sa pagpapanatili ng kalusugan ng benepisyaryo, kaligtasan, at kapakanan na, sa pagpapasiya ng trustee, ay hindi ipinagkakaloob ng alinmang pampublikong ahensiya. Sa paglimita ng awtoridad ng trustee upang mamahagi paa sa "mga espesyal na pangangailangan" ng benepisyaryo, ang mga magulang ay makakatiyak na ang mga mapagkukunang pampubliko ay lubos na masusubukan bago gawin ang anumang pamamahagi. Ang probisyong ito ay tutulong din sa trustee sa pagdepensa sa trust

Ano ang Mangyayari sa mga Pag-aari sa Trust Pagkamatay ng Benepisyaryo?

Ang mga probisyon ng trust ay kokontrol sa pamamahagi ng mga pagaari ng trust pagkamatay ng benepisyaryo. Karaniwan, mas gusto ng mga magulang na ang natitira sa trust ay mapapunta sa iba nilang anak, kung nabubuhay, o sa kanilang mga apo.

Ang mga Pag-aari ba sa Discretionary Trust ay Napapailalim sa Singil ng Estado ng California para sa mga Halaga ng Pag-aalaga sa Tahanan na Suportado ng Estado?

Hindi. Opinyon ng awtor na ang wastong isinulat na discretionary trust ay dapat ipagsanggalang ang anumang pondo sa trust mula sa mga singil para sa pagbabayad ng mga gastos ng pag-aalaga sa tahanan na suportado ng estado, maliban sa nakatala sa sumusunod.

Ang California Probate Code Section 15306 ay nagtatadhana na ang prinsipal ng discretionary trust ay hindi napapailalim sa singil ng estado sa pagbabayad kung ang trust ay itinatag para sa isang tao na may disabilidad na bumubuo ng malaking hadlang at matinding napipigilan ang kakayahan ng indibidwal na magkaloob para sa kanyang sariling pag-aalaga o pag-iingat.

Ang Seksiyon 15306 ay sinusugan epektibo noong Enero 1, 1990, upang bawasan ang proteksiyong ito. Ang susog ay nagkakaloob, sa nilalaman, na ang proteksiyon ng Seksiyon 15306 ay hindi dapat umaplay sa mga trust na sanhi upang ang benepisyaryo ay hindi maging karapat-dapat sa Medi-Cal.

ang pleksibilidad sa pagpapasiya kung aling mga karapatan at responsabilidad ang maaapektuhan ng isang utos ng hukuman, ay makukuha sa ilalim ng mga batas sa general conservatorship.

B. GENERAL CONSERVATORSHIP

Binago Ba ng Bagong Batas ang Kapangyarihan at Awtoridad ng Kasalukuyang Conservator?

1. Pahintulot ng Paggamot – Mula noong Enero 1, 1981, ang conservator ay walang kapangyarihang magpahintulot ng medikal na paggamot sa ngalan ng conservatee maliban kung may kinuhang utos ng hukuman na nag-aawtorisa ng kahaliling pahintulot. Ang tanging iksepsiyon sa tuntuning ito ay ang pahintulot ay maaaring ibigay nang walang utos ng hukuman kung ang conservatee **ay hindi tumututol** sa iminumungkahing paggamot.

Ang utos na nag-aawtorisa ng kahaliling pahintulot ay maaaring isa na nagpasiyang ang conservatee ay walang kakayahang magbigay ng pahintulot sa anumang anyo ng paggamot at inililipat ang tanging kapangyarihang ng pahintulot sa conservator. Ang nasabing utos ay kailangang makuha minsan lamang dahil ito ay umaaplay sa lahat ng anyo ng ipinahihintulot na paggamot. Kung ang conservatee ay may kakayahang magbigay ng pahintulot sa ilang anyo ng paggamot pero hindi ng iba, ang conservator ay dapat maghintay hanggang ang paggamot ay iatas at kumuha ng utos na kaugnay ng ispesipikong anyo ng iminumungkahing paggamot.

Sa ilalim ng Due Process Incompetence Determinations Act, nagkabisa noong 1996, ang tao ay may kakayahanng magbigay ng maalam na pahintulot sa medikal na paggamot kung ang tao ay may kakayahang gawin ang lahat ng sumusunod:

(a) Maalam at matalinong sumagot sa mga tanong tungkol sa medikal na paggamot.

(b) Naiintindihan ang uri at kalubhaan ng karamdamang taglay ng tao.

(c) Naiintindihan ang uri ng medikal na paggamot na inirerekomenda ng tagapangalaga ng kalusugan.

(d) Naiintindihan ang malamang na antas at tagal ng anumang benepisyo at panganib ng medikal na paggamot na inirerekomenda at ang mga bunga ng kawalan ng paggamot.

(e) Naiintindihan ang uri, panganib at mga benepisyo ng anumang makatwirang pamalit.

Siyempre walang conservator na magbibigay ng pahintulot sa paggamot na makakapinsala sa conservatee. Gayon din, ang batas ay **nagbabawal** sa conservator o hukuman na mag-awtorisa ng electro-shock therapy, psychosurgery, o ang pagbibigay ng mga partikular na sinusubok na droga. Ang sterilization ay maaaring maganap sa konteksto ng isang limited conservatorship pero sa ilalim lamang na mga partikular na bihirang pangyayari. Ang sterilization ay hindi maaaring maganap kapag ipinasiyang ang indibidwal ay alam na sumasalungat sa sterilization. Kahit wala ng ganitong pagsalungat, para maganap ang sterilization, isang espesyal na pamamaraan ang dapat sundin na may kinalaman sa maraming proteksiyon para sa limitead conservatee. Ang mga proteksiyon ay kabilang ang: sapilitang paghirang ng tagapayo para sa limited conservatee, paghirang ng isang “facilitator” upang

pamamahagi sa alinmang buwan, na lampas sa $20 na di-pagsaklaw sa di-kinitang halaga, ay magbabawas sa benepisyo ng SSI sa buwang iyon dolyar sa dolyar..

Ang mga pamamahagi mula sa trust sa ikatlong tao, iba sa benepisyaryo, ay hindi itinuturing na di-kinitang halaga sa benepisyaryo kung ang mga pagbabayad ay ginawa para sa mga layuning iba sa pagkain, damit at tirahan. Ito ay nangangahulugan, halimbawa, na ang trustee ng isang special needs trust ay maaaring bumili ng tiket sa eroplano para sa benepisyaryo tuwiran mula sa airline o ahente sa paglalakbay nang hindi makakaapekto sa SSI ng benepisyaryo.

Ang perang tinanggap ng tumatanggap ng SSI sa isang buwan ay ibinibilang na kita para sa buwang iyon. Ang natitira sa simula ng kasunod na buwan ay ibibilang na kita. Kung ang mga kita ng benepisyaryo sa labas ng trust ay lumampas sa limitasyon ng SSI (sa kasalukuyan ay $2,000 para sa nag-iisang tao), ang SSI ay sususpindihin. Ang SSI ay sususpindihin kung ang di-kinitang halaga na tinanggap sa alinmang buwan mula sa trust at anumang ibang mapagkukunan (tulad ng Social Security Adult Disabled Child Benefits) ay lumalampas sa halaga ng benepisyo ng SSI at kasama ang $20.

Sa sandaling suspindihin, ang SSI ay ibabalik sa buwan kung saan ang mga kita ay nasa loob ng mga limitasyon ng SSI. Gayunman, kung ang pagsuspindi ay tumagal ng 12 buwan o higit, dapat gumawa ng bagong aplikasyon.

Ang pagtatapos o pagsuspindi ng SSI ay maaaring maging sanhi upang matapos din ang mga benepisyo ng Medi-Cal at In-Home Supportive Services.

at sapat na mababayaran ang lahat ng basikong pangangailangan.

Dahil ang mga programang tulong na pampubliko ay labis na nakahantad sa nagbabagong takbo ng pulitika at maaaring hindi makabayad sa partikular na mahalagang pangangailangan, ang ganap na hindi pagsasama ng batang may kapansanan sa testamento ng mga magulang ay pangkaraniwang hindi maipapayo.

Mayroon Bang Paraan na ang Mga Magulang ay Makakapag-iwan ng Higit sa $2,000 sa Isang Anak at Hindi Alisan ng Karapatan sa SSI ang Anak?

Oo. Sa ilalim ng Social Security Program Operations Manual, anumang pondong hinahawakan para sa isang indibidwal sa isang discretionary (mga espesyal na pangangailangan) trust ay hindi maisasamang kita sa benepisyaryo at, dahil dito, ay hindi kasama sa $2,000 limitasyon. Upang maging kuwalipikado, ang benepisyaryo ay hindi dapat pawalang-bisa ang trust o kontrolin ang halaga o dalas ng pamamahagi mula sa trust. Inirerekomenda rin na ang pagpapasiya ng trustee tungkol sa mga pamamahagi ay umaaplay sa kita ng trust. Kung ang lahat ng kita ay dapat ipamahagi pana-panahon, ang mga benepisyo ng SSI ay maaaring bawasan o tapusin.

Ano ang Mangyayari sa mga Benepisyo ng SSI Kapag ang mga Pondo Mula sa Trust ay Ipinamamahagi sa Benepisyaryo?

Ang mga pondong ipinamamahagi mula sa trust tuwiran sa benepisyaryo ay ibinibilang na di-kinitang halaga. Ang kabuuang halaga ng mga nasabing

tulungan ang limited conservatee, pagbuo ng isang espesyal na panel ng mga eksperto upang personal na kapanayamin ang limited conservatee at gumawa ng isang rekomendasyon sa hukuman, at imbestigasyon ng angkop na panrehiyong sentro.

2. Kapasidad na Makipagkontrata – Mula noong Enero 1, 1981, ang isang conservatee ay hindi makakapasok sa mga kontrata o ibang transaksiyon pinansiyal na lampas sa kailangang mga gastos sa pagkain at damit. Upang makita ang kahalagahan ng pagbabagong ito, kailangang sandaling repasuhin ang uri ng conservatorship bago ang Enero 1, 1981.

Dati, may dalawang anyo ng conservatorship: isa kung saan ang conservatee ay pinagpasiyahang walang kakayahan at isa kung saan hindi siya walang kakayahan. Ang mga kontrata para sa conservatees na idineklarang walang kakayahan ay **walang-bisa** ay hindi maipatutupad anuman ang mga pangyayaring nakapaligid sa transaksiyon. Ang pakikitungong pinansiyal ng conservatees na hindi pinagpasiyahang walang kakayahan ay maipatutupad kung ang mga pakikitungong ito ay para sa kabutihan ng conservatee.

Walang limited conservatorship bago ang 1981. Ang kapangyarihan ng limited conservatees na makipagkontrata ay hindi hinadlangan, maliban, at tanging kung, ang hukuman ay naglipat ng kapangyarihan na makipagkontrata sa limited conservator sa pagdinig sa petisyon.

Para sa mga nasa gulang na nasa ilalim ng guardianships bago ang Enero 1, 1981, at para sa conservatees na pinagpasiyang walang kakayahan, ang bagong batas ay nagdala ng malaking pagbabago sa kakayahang makipagkontrata dahilang, sa ilalim pareho ng mga batas bago at nang matapos ang 1981, ang mga

mga pakikitungong pinansiyal ng nasabing mga tao ay hindi maipatutupad, maliban sa mga pangangailangan. Ang conservatees na hindi ipinahayag na walang kakayahan bago ang Enero 1, 1981, ay **awtomatikong** pinagkaitan ng karapatan na magregalo o pumasok sa isang may-bisang kontrata pagkaraan ng petsang iyan. Ang resulta ay malulupit para sa mga taong nakatatanda na may mga malalaking pag-aari na nagtataglay pareho ng kakayahan at pagnanasang magregalo habang nabubuhay pero nasa ilalim ng conservatorship.

Ang tanging paraan para mapanatili ng isang competent conservatee ang karapatang makipagkontrata ay kumuha ng utos mula sa Korte Suprema. Ang pamamaraan sa pagkuha ng nasabing utos ay nakalagay sa batas ng 1981.

Kung may mga katanungan kayo tungkol sa paggamit ng mga pagbabago sa batas na conservatorshp sa inyong indibidwal na sitwasyon, dapat kayong humingi ng payo sa isang abugado.

KABANATA 2

MGA TESTAMENTO AT TRUST

Dapat Bang Hindi Isama ang Anak na May Disabilidad na Debelopmental sa Pagbabahagi ng Kanilang Pag-aari?

Ang isa sa mga pangunahing hangarin ng pagpaplano ng pag-aari para sa isang pamilya na may anak o miyembro ng pamilya na naantala ang kaisipan o may disabilidad na debelopmental ay upang matiyak na, pagkamatay ng parehong magulang, ang taong may kapansanan ay patuloy na tatanggap ng basikong suporta at pag-aasikaso mula sa mga pampublikong tagapagkaloob. Ang interes na ito sa mga benepisyong pampubliko, siyempre, ay sanhi ng kawalan ng kakayahan ng karamihan sa mga magulang na bayaran ang malalaking gastos ng habambuhay na pag-aalaga sa miyembro ng pamilya na may kapansanan.

Ang pangunahing pinanggagalingan ng pampublikong suporta sa mga taong hindi kayang suportahan ang mga sarili sa pamamagitan ng pagtatrabaho ay Supplemental Security Income (SSI). Ang mga umiiral na regulasyon ay nagbabawal sa tumatanggap ng SSI na magkaroon ng saklaw na kita na lampas sa $2,000.

Upang mapabilis ang pagiging karapat-dapat sa SSI, ang mga magulang ay maaaring hindi na lamang isama sa kanilang testamento ang anak o miyembro ng pamilya na may disabilidad na debelopmental. Ang ganap na pag-asa sa mga pampublikong benepisyo ay nangangailangan ng tiwala na ang mga nasabing pondo ay patuloy na makukuha habang buhay ang tumatanggap